

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente - TAGALOG

PeaceHealth Ketchikan Medical Center Home Health Patient Rights & Responsibilities-
Revised & Approved 9/2025

Lahat ng Pasyente ng PeaceHealth Ketchikan Medical Center Home Health at ang kanilang Kinatawan ay may karapatang:

1. Mabigyan ng kaalaman tungkol sa kanilang mga karapatan sa isang wika at paraan na nauunawaan ng indibidwal. Ang nakasulat na abiso ay dapat madaling maunawaan ng mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles at dapat na naa-akses ng mga indibidwal na may kapansanan.
2. Gamitin ang kanilang mga karapatan.
3. Maituring nang may paggalang, respeto, at pagkapribado ang kanilang sarili at ari-arian.
4. Maging malaya mula sa berbal, mental, seksuwal, at pisikal na pang-aabuso, kabilang ang mga pinsalang hindi matukoy ang pinagmulan, kapabayaang, pananamantala, diskriminasyon, at maling paggamit o pag-angkin ng ari-arian.
5. Gumawa ng mga reklamo tungkol sa paggamot o pangangalagang naibigay (o hindi naibigay), at ang kawalan ng paggalang sa ari-arian at/o tao ng sinumang nagbibigay ng mga serbisyo sa ngalan ng PeaceHealth.
6. Maging malaya mula sa anumang diskriminasyon o paghihiganti para sa paggamit ng kanilang mga karapatan o para sa pagpapahayag ng mga hinaing sa PeaceHealth o sa ibang ehensya.
7. Pagkapribado at pagiging kumpidensyal ng personal na impormasyon at mga rekord na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan. Ang medikal na kasaysayan ng pasyente ay inilabas lamang kung kinakailangan ng batas o pinahintulutan ng pasyente o ng legal na kinatawan ng pasyente.
8. Mabigyan ng impormasyon tungkol sa mga pangalan, tirahan, at numero ng telepono ng mga sumusunod na ahensya na pinondohan ng Pederal at ng Estado na nagsisilbi sa lugar kung saan naninirahan ang pasyente:
 - **Agency on Aging (Ahensya sa Pagtanda)**
Southeast Senior Services (Ketchikan Senior Center)
Address: 2401 Eagle Avenue, #2
Mga Oras ng Operasyon: Bukas ang Sentro Lunes hanggang Biyernes 8:00am-4:00pm.
Telepono: (907) 225-6575
Fax: (888) 705-0944
Email: info@ccsak.org
 - **Center for Independent Living (Sentro para sa Malayang Pamumuhay)**
Southeast Alaska Independent Living, SAIL
4693 N Tongass Hwy
Ketchikan, AK 99901

Libreng tawag: 1-888-452-SAIL (1-888-452-7245)

FAX: 1-888-521-4871

Email: ketchikan@sailinc.org

Lunes-Huwebes, 9:30am-4pm

Biyernes, 9:30am-1:00pm

- **Protection and Advocacy Agency (Ahensya ng Proteksyon at Adbokasiya)**

Disability Law Center of Alaska

3330 Arctic Boulevard, Suite 103

Anchorage, AK 99503

Telepono at TDD: (907) 565-1002

Walang bayad na tawag: (800) 478-1234

FAX: (907) 565-1000

Email: akpa@dlcak.org.

Web: www.dlcak.org

- **Aging and Disability Resource Center (Sentro para sa Impormasyon at Serbisyo sa Nakatatanda at may Kapansanan)**

907-269-3666

(888) 487-1025

Juneau Office:

350 Main Street, Suite 503

Juneau, Alaska 99811-0680

doh.sds.info@alaska.gov

- **Quality Improvement Organization (Organisasyon para sa Pagpapabuti ng Kalidad)**

Linya ng Tulong para sa Benepisyaryo ng Acentra Health: 1-888-305-6759

9. Mabigyan ng kaalaman tungkol sa karapatan na gumamit ng mga pantulong na kagamitan at serbisyong pangwika, at kung paano ma-access ang mga serbisyong ito.
10. Tumanggap ng epektibong paggamot at de-kalidad na serbisyo mula sa PeaceHealth para sa mga serbisyong nakasaad sa plano ng pangangalaga.
11. Tumanggap ng mga serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan (kasama ang limitadong kasanayan sa Ingles at pangunahing wika), kasarian (kasama ang mga katangian ng kasarian, kabilang ang intersex traits, pagbubuntis o kaugnay na kondisyon, oryentasyong seksuwal, pagkakakilanlang pangkasarian, o mga stereotype sa kasarian), edad, kapansanan (kasama ang sakit sa pag-iisip at paggamit ng droga), o anumang kombinasyon nito, kaugnay ng pagtanggap, pag-access sa paggamot, o trabaho.
12. Tumanggap ng lahat ng serbisyong nakasaad sa plano ng pangangalaga.
13. Mapangalagaan ng mga tauhang may angkop na pagsasanay o kredensyal, kasama ang mga kontratista at boluntaryo na maayos na sinanay para gampanan ang kanilang mga itinalagang tungkulin nang may koordinasyon sa mga serbisyo.
14. Patuloy na pakikilahok at partisipasyon sa pagbuo ng plano ng pangangalaga.
15. Tanggapin o tanggihan ang pangangalaga, paggamot, o mga serbisyo.
16. Gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan.
17. Isagawa ang paunang direktiba (advance directive) at/o kapangyarihan sa pagtatalaga ng kinatawan (power of attorney) para sa pangangalagang pangkalusugan.

18. Mabigyan ng kaalaman tungkol sa mga patakaran at pamamaraan ng PeaceHealth tungkol sa:

- Ang mga sitwasyon na maaaring dahilan ng PeaceHealth na palabasin ang pasyente
- Ang mga sitwasyon na maaaring dahilan ng PeaceHealth na ilipat ang pasyente sa ibang ahensya
- Mga sitwasyon na nangangailangan ng pagbabago sa antas ng pangangalaga o sa patuloy na pangangailangan sa pangangalaga
- Iba pang available na mga serbisyo at opsyon, kung kinakailangan.

19. Mabigyan ng kaalaman sa mga sumusunod bago ang pagtanggap ng pangangalaga:

- a. Nakasulat na abiso tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng pasyente
- b. Mga patakaran sa paglipat at paglabas ng PeaceHealth
- c. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa administrador ng PeaceHealth Ketchikan Medical Center Home Health kabilang ang
 - i. Pangalan ng administrador: Christine Palmer, RN BSN
 - ii. Address ng negosyo: 212 Carlanna Lake Rd, Ketchikan, AK 9990
 - iii. Numero ng telepono ng negosyo: (907) 228-7600
- d. Isang abiso tungkol sa pagiging pribado ng Talaan Kinalabasan at Pagsusuri (Outcome and Assessment Information Set, OASIS)

20. Mabigyan ng kaalaman tungkol sa, at pahintulutan o tumanggi sa pangangalaga bago at habang isinasagawa ang paggamot, kung naaangkop, hinggil sa:

- a. Pagsasagawa ng lahat ng pagsusuri
- b. Pangangalagang ibibigay batay sa komprehensibong pagsusuri
- c. Pagtatatag at pagrerebisa ng plano ng pangangalaga
- d. Ang mga espesyalista na magbibigay ng pangangalaga
- e. Ang dalas ng mga pagbisita
- f. Ang mga inaasahang resulta ng pangangalaga, kabilang ang mga layuning sinabi ng pasyente at inaasahang mga panganib at benepisyo
- g. Anumang mga bagay na puwedengmakaapekto sa pagiging epektibo ng paggamot
- h. Anumang mga pagbabago sa ibibigay na pangangalaga

21. Mabigyan ng abiso, sa salita at nakasulat, tungkol sa:

- a. Ang lawak kung saan maaaring asahan ang pagbabayad para sa mga serbisyo mula sa Medicare, Medicaid o anumang iba pang programang pinondohan ng pederal o pederal na tulong na kilala sa PeaceHealth.
- b. Ang mga singil para sa mga serbisyong maaaring hindi saklaw ng Medicare, Medicaid o anumang iba pang programang pinondohan ng pederal o pederal na tulong na kilala ng PeaceHealth.
- c. Ang mga singil na maaaring kailangang bayaran ng indibidwal bago simulan ang pangangalaga.
- d. Anumang mga pagbabago sa impormasyong ibinigay kapag nangyari ang mga ito. Dapat ipaalam ng PeaceHealth sa pasyente at sa kinatawan (kung mayroon), ang mga pagbabagong ito sa lalong madaling panahon, bago ang susunod na pagbisita sa home health.

22. Magkaroon ng wastong nakasulat na abiso, bago ang isang partikular na serbisyong ibinigay, kung naniniwala ang PeaceHealth na ang serbisyo ay maaaring hindi saklaw na pangangalaga; o bago ang pagbabawas o pagwawakas ng PeaceHealth sa patuloy na pangangalaga.
23. Mabigyan ng kaalaman tungkol sa libreng hotline sa kalusugan ng tahanan (home health telephone hot line) ng estado, ang impormasyon kung paano makontak ito, ang oras ng operasyon, at na ang layunin nito ay tumanggap ng mga reklamo o katanungan tungkol sa mga lokal na ahensya.
 - Address sa Pagpapadala:
Health Facilities Licensing & Certification
Attn: Coordinator ng Reklamo
4601 Business Park Blvd.
Anchorage, AK 99503
 - Telepono: (907) 334-2483
 - Ligtas na Fax: (907) 334-2682
 - Libreng tawag: (888) 387-9387
 - Tinatanggap ang mga reklamo sa alinman sa mga format sa itaas anumang oras
24. Mabigyan ng wastong pagkakakilanlan ayon sa pangalan at titulo ng isang empleyado o kontratista na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan sa pasyenteng iyon.
25. Ituring na kumpidensyal ang kanilang impormasyon tungkol sa kalusugan, panlipunan, at pinansyal na kalagayan ng pasyente, at tungkol sa mga aktibidad sa tahanan ng pasyente.
26. Mabigyan, bago ang pangangalaga, ng impormasyon tungkol sa inaasahan ng PeaceHealth sa mga responsibilidad ng pasyente na makibahagi sa kanilang sariling pangangalaga.
27. Ma-akses ang impormasyon sa kanilang medikal na rekord sa loob ng dalawang araw ng trabaho matapos magsumite ng nakasulat na kahilingan sa PeaceHealth.
28. Mabigyan ng kaalaman bago simulan ang isang serbisyo, o ang inaasahang mapagkukunan ng pagbabayad para sa pangangalaga o mga serbisyo.

May karapatang ang bawat pasyente mabigyan ng sumusunod na impormasyon kaugnay ng Paunang Direktiba , bago simulan ang mga serbisyo:

1. Mga patakaran ng PeaceHealth sa pagpapatupad ng karapatan ng pasyente na gumawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan
2. Buhay na mga habilin at mga kautusan na huwag nang iligtas.
3. Mga taong maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga paunang direktiba at kapangyarihan sa pagtatalaga ng kinatawan para sa pangangalagang pangkalusugan.
 - a. Hindi maaaring magsagawa ang PeaceHealth Ketchikan Medical Center Home Health ng diskriminasyon laban sa isang pasyente batay sa kung ang pasyente ay nakagawa ng paunang direktiba.
 - b. Kung hindi makasunod ang PeaceHealth Ketchikan Medical Center Home Health sa paunang direktiba ng isang pasyente, dapat tulungan ng PeaceHealth Ketchikan

Medical Center Home Health ang pasyente sa paglipat sa ibang ahensya na kayang sumunod.

**PeaceHealth Ketchikan Medical Center
Home Health**

212 Carlanna Lake Rd, Ketchikan, AK 99901

(907) 228-7600

PeaceHealth.org

